REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
BATANGAS CITY

OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

EXCERPT FROM THE MINUTES OF THE REGULAR SESSION HELD BY THE MEMBERS OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD OF BATANGAS CITY ON OCTOBER 24, 2017 AT THE SANGGUNIAN SESSION HALL

PRESENT:

Hon. Emilio Francisco A. Berberabe Jr.,	Presiding Officer
Hon. Aileen Grace A. Montalbo,	Councilor
Hon. Glenn M. Aldover,	"
Hon. Sergie Rex M. Atienza,	"
Hon. Hamilton G. Blanco,	"
Hon. Oliver Z. Macatangay,	"
Hon. Armando C. Lazarte,	"
Hon. Karlos Emmanjuel A. Buted,	"
Hon. Gerardo A. Dela Roca,	"
Hon. Nestor E. Dimacuha,	"
Hon. Nelson J. Chavez,	"
Hon. Angelito "Dondon" A. Dimacuha,	(ABC-REP.)

ABSENT:

Hon. Alyssa Renee A. Cruz, (Study Leave)	Councilor
Hon. Julian B. Villena,	"

"On motion of Councilor Blanco seconded by Councilor Nestor Dimacuha, the following Resolution was Adopted:

RESOLUTION NO. 319 S. 2017

REFERRING TO THE COMMITTEE ON BARANGAY AFFAIRS THE BARANGAY ORDINANSA SERYE 2017 OF BARANGAY GULOD LABAC, BATANGAS CITY

RESOLVED, to refer to the Committee on Barangay Affairs for its study, comments and recommendation the Barangay Ordinansa Serye 2017 ng Barangay Gulod Labac, Batangas City entitled: "Ordinansang Nagtatatag ng Barangay Rabies Control Coordinating Committee, Nag-aatas ng Lahatang Pagpapatala at Pagbabakuna sa mga Aso Pag Kontrol sa mga Walang Bakuna, May Sakit at Pakawalang Aso na Sakop ng Barangay Gulod Labac, Lungsod ng Batangas."

UNANIMOUSLY APPROVED."

I hereby certify that the foregoing Resolution No. 319 S. 2017 was approved by the Sangguniang Panlungsod of Batangas City during its Regular Session held on October 24, 2017.

ATTY. OLIVA D. TELEGATOS
Secretary
Sangguniang Panlungsod

ATTESTED:

EMILIO FRANCISCO A. BERBERABE, JR.
Presiding Officer

ODT/pbcalleja...

"ORDINASANG PAMBARANGAY LABAN SA RABIS"
Serye ng 2017

ORDINANSANG NAGTATATAG NG BARANGAY RABIES CONTROL COORDINATING COMMITTEE. NAG-AATAS NG LAHATANG PAGPAPATALA AT PAGBA-BAKUNA SA MGA ASO PAG KONTROL SA MGA WALANG BAKUNA, MAY SAKIT AT PAKAWALANG ASO NA SAKOP NG BARANGAY **GULOD LABAC**, LUNGSOD NG BATANGAS.

Sapagkat, ang rabis ay isang sakit na nakamamatay na malaki ang tulong na magagawa ng mga tao upang ito ay maiwasan;

Sapagkat, katungkulan ng Pamahalaang Barangay na mapangalagaan ang kalusugan ng mga mamamayan, kasama ang pagsulong ng mga programang pang-kalusugan sa bawat naninirahan sa barangay;

Sapagkat, ang Ordinansang Panlungsod Bilang 02 na nagtatag ng City Rabies Control Coordinating Committee ay aprobado at ipinatutupad na simula noong taong 1997, na hanggang ngayon ay wala itong seryosong aksyon ang mga mamamayan tungkol dito, patunay na ang mga asong may sakit at walang bakuna ay malayang nakakalaga sa mga lansangan at kapookan ng lungsod, na patuloy ang dumaraming insidente ng rabis sa Lungsod ng Batangas;

Ngayon, dahil dito, sa bisa ng kapangyarihang iginawad ng batas, pinagtitibay ng Sangguniang Barangay ng **Gulod Labac,** Lungsod ng Batangas, ang mga sumusunod;

SEKSYON 1. PAMAGAT – Ang Ordinansang ito ay may titulo **"ORDINASANG PAMBARANGAY LABAN SA RABIS".**

SEKSYON 2. PAGTATATAG NG BARANGAY RABIES CONTROL COMMITTEE AY BUBUUIN NG MGA SUMUSUNOD;

SEKSYON 3. MGA TUNGKULIN NG KOMITE.

a. Gumawa at magpatupad ng mga alituntunin na bumabalangkas ng programa upang makontrol ang rabis sa barangay;
b. Gumanap bilang tagapag-ugnay ng mga lokal na pinuno at mga mamamayan upang magkaisa sa pagsugpo ng rabis;
c. Gumawa ng sistematikong pagsubaybay at pag-uulat ng nagawa kaugnay ng programa sa pag control sa rabis;
d. Magpakalat ng mga babasahin at mga impormasyon tungkol sa rabis;
e. Pamahalaan ang pagtatayo at pagmamantine ng Barangay Dog Pound;

SEKSYON 4. TUNGKULIN AT PANANAGUTAN NG MAY-ARI O NAG AALAGA NG ASO.

a. Pagrerehistro ng alagang aso sa tanggapan ng Punong Barangay sa loob ng dalawang lingo matapos itong maipanganak, o simula sa pagdating nito sa barangay;
b. Iulat sa tanggapan ng Punong Barangay ang pagkawala, pagkamatay o ang pagkalipat ng tirahan ng aso;

c. Pabakunahan ang mga alagang aso sa lisensyadong beterinaryo kapag ito'y sumapit sa edad na tatlong buwan na uulitin ang pagbabakuna sa bawat taon;
d. Ang may-ari o nag-aalaga ng aso ay mahigpit na inaatasang itali o ikulong ang mga alagang aso upang maiwasan ang pagkahawa sa sakit na dala ng asong lumalaboy sa mga kalye at kapookan, at maiwasan na ito'y makapangagat ng sino man;
e. Kapag nakapangagat ang alagang aso, ang may-ari ang sasagot sa lahat ng gastos sa pagpapa-gamot at pagpapa eksamen sa asong nakapangagat. Kung sa paligid ng bahay ng may-ari, kailangang mapag usapan at magkasundo ang may-ari ng aso at ang nakagat sa paraan ng pagpapagamot at pagpapa-eksamen;

SEKSYON 5. BAYAD AT KATIBAYAN SA REHISTRASYON.

a. Ang Punong Barangay ay magbibigay ng katibayan nang rehistrasyon ng bawat aso na inirehistro sa barangay;

SEKSYON 6. SENTRONG PATALAAN SA MGA ASO.

Ang Punong Barangay ay may katungkulan na isumite ang talaan ng nairehistrong aso tuwing ikatlong buwan sa Central Dog Registry na matatagpuan sa Batangas City Pound, OCVAS. Kasama sa ulat ang talaan ng mga namatay, nawala at napalipat ng tirahan ng mga rehistradong aso sa barangay.

SEKSYON 7. Pagbabakuna ng mga aso.

a. Ang bawat aso na may edad na tatlong buwan pataas ay kailangang pabakunahan laban sa rabis ng minsan sa isang taon. Ang mga tuta ay unang babakunahan pagsapit niya sa edad na tatlong buwan.

b. Ang bawat asong nabakunahan ay lalagyan ng matibay na tag upang madaling makilala at maibukod sa walang bakuna.

c. Ang may-ari ng aso ay bibigyan ng sertipikasyon ng pagbabakuna mula sa Punong Barangay. Ito ay dapat na laging handa upang ipakita sa nagpapatupad ng ordinansa kung kinakailangan.

SEKSYON 8. PAG-UULAT NG INSIDENTE NG PANGNGANGAT NG ASO.

Ang taong nakagat ng aso ay inaatasang mag-ulat ng pangyayari, sa loob ng apatnapu at walong oras, sa Barangay Health Worker, Barangay Tanod, o sa sinumang Kagawad ng Barangay, na agad naming ipadadala ang ulat sa Barangay Rabis Control Committee.

SEKSYON 9. PAGHULI, PAGPAPAKULONG AT PAGPATAY SA MGA ASONG GALA.

a. Ang Barangay Rabies Control Coordinating Committee ang nangangasiwa sa paghuli at pagkukuong sa Barangay Dog Pound ng mga walang bakuna, may sakit at pinabayaang gumala sa kalye at kapookan ng Barangay.

b. Ang lahat ng asong makukulong sa Barangay Dog Pound ay aalagaan sa loob ng dalawang araw, kung saan ang may-ari ay maaari itong tubusin sa halagang P100.00, at makalipas ang dalawang araw na hindi ito matubos, ito ay ililipat sa City Dog Pound kung saan ito ay papatayin sa paraang makatao.

c. Maliban sa may-ari ng aso at sa mga awtorisadong humuli at magkulong ng mga asong may sakit, walang bakuna at paligaw, ipinagbabawal ang paghuli, pagkukulong at pagbibili ng mga aso.

d. Ang mga mamimili ng aso na makikita sa Barangay Gulod Labac ay pagsasabihan tungkol sa ordinansang ito, ngunit kung magpapatuloy sa pamimili ng aso at tuluyang huhulihin at ipaghaharap ng kaso sa hukuman o sa kaukulang tanggapan ng pamahalaan.

SEKSYON 10. Karapatan ng mga naninirahan sa Barangay Gulod Labac ang maging ligtas, malusog at kaaya-ayang panahanan ng mamamayan. Karapatan ng lahat na dito'y naninirahan ang buong komundidad ay masigurong ligtas sa panganib ng rabis na ikinakalat ng mga asong hindi maayos na naaalagaan ng may ari at pinababayaang lumaboy sa lansangan o kapookan ng barangay.

SEKSYON 11. Administratibong multa o bayad sa pagsasa-ayos ng sinumang lalabag sa ordinansang ito ay maaaring magsa-ayos ng kanyang paglabag sa loob ng apatnapu at walong oras mula sa kanyang pagkahuli, ayon sa sumusunod;

a. Unang paglabag multang P100.00 o isang araw na serbisyong pang-komunidad;
b. Ikalawang paglabag multang P300.00 o tatlong araw na serbisyong pang-komunidad;
c. Ikatlong paglabag multang P500.00 o limang araw na serbisyong pang-komunidad;
d. Ang ikaapat at mga susunod pang paglabag ay papatawan ng multang P1,000.00;
e. Ang lahat ng multang malilikom ay ipapasok sa pondo ng barangay at gagamitin sa mga proyektong pambarangay.

SEKSYON 12. KAPARUSAHANG, MAIPAPATAW NG HUKUMAN.

Ang sinumang lalabag sa ordinansang ito na hindi makakabayad ng administratibong mula sa nasasaad sa sinusundang bahagi nito sa loob ng panahong nabanggit, ay ihahabla sa hukuman at siya ay maaaring parusahan ng multang hindi bababa sa P100.00 ngunit hindi tataas sa halagang P1,000.00 ayon sa direksyon ng hukuman. Kung sakaling walang maibayad sa multa ang lumabag, magpapataw ang hukuman ng "Subsidiary Imprisonment" na isang araw sa bawat P100.00 multa. Kung ang nagkasala ay isang asosasyon bakasan o korporasyon, ang Pangulo o ang namumuno dito ang siyang mananagot.

SEKSYON 13. TALATANG NAGPAWALANG BISA.

Lahat na probisyon ng anumang ordinansa, resolusyon o antas ng pampangasiwaan ng barangay na sumasalungat o hindi umaayon sa ordinansang ito ay mawawalang bias o kaya ay mababago.

SEKSYON 14. TALATANG NAGBUBUKOD.

Kung sa anumang dahilan at alin mang bahagi ng ordinansang ito ay mapatunayang labag sa Saligang Batas o mapawalang bisa ang ibang bahagi nito ay hindi saklaw ng paglabag ay magpapatuloy sa pagkakabisa.

SEKSYON 15. PAGKAKABISA

Ang ordinansang ito ay magkakabisa makalipas ang sampung araw mula sa pagpapatibay ng Sangguniang Panglungsod.

Pinagtibay ng Sangguniang Barangay ng Gulod Labac Lungsod ng Batangas

DIGNA ANDAL FAJARITO
Punong Barangay

MGA KAGAWAD

LINA M. ESPINA

GAYLORD D. CELEMIN

MARTBIEN M.MACALALAD

FELIPA S. LUMANGLAS

MANUEL P. CELEMIN

LILIA E. ANDAL

ENRICO E. ESPINA

Inihanda at pinatunayan ni:

Jenny Zara Z. Espeleta
Barangay Secretary